

Hunyo 2021

mga kapitbahay na nakapuna

Gabay ng SDCI sa mga Abiso sa Kalapitbahayan at sa

Ano ang Kahulugan Para sa Akin ng Land Use Notice Signs ng Seattle?

Kapag makita mo ang isang Notice of Proposed Land Use Action na karatula, ito ay isang imbitasyon na makibahagi sa pagpapaunlad ng inyong komunidad! Ang pampublikong abiso na ito ay ang inyong pagkakataon na magkomento sa iminungkahing proyekto. Kapag ang Seattle Department of Construction and Inspections (SDCI) ay makatanggap ng aplikasyon sa paggamit ng lupain para sa iminungkahing proyekto, ang SDCI ay maaring magpaskil:

- Malaking puti na 4 x 8-talampakan na mga karatula, na kilala bilang Malaking Notice Signs, para sa mga proposal na may Design Review o State Environmental Policy Acts (SEPA) na pagsusuri ng kapaligiran
- Maliit na dilaw na 18 x 24-pulgada na mga karatula, na kilala bilang Land Use Signs, para sa iba pang mga proposal, kasama ang mga iba-ibang klase, mga paggamit na may kondisyon, mga subdibisyon, at karamihan sa mga proyekto sa baybayin
- Maliit na puti na 11 x 14-pulgada na mga karatula, kilala bilang mga plakard, para sa mga pampublikong pagpupulong at sa partikular na mga proposal



Ang SDCI ay nagpapadala rin ng sulat ng abiso ng ilang mga aplikasyon para sa paggamit ng lupain sa mga may-ari ng mga ari-arian at mga tenant sa loob ng 300 talampakan ng iminumungkahing proyekto. Naaaplay ang ilang mga eksepsiyon.

Tandaan na marami sa mga proyekto at hindi nangangailan ng pampublikong abiso. Ang mga proyekto na iyon ay hindi magkakaroon ng mga karatulang nakapaskil at wala silang nakatakdang panahon para magkomento.

Sino ang Maaring Magkomento?

Kahit Sino! Mga Residente, mga estudyante, mga empleyado, at mga may-ari ng negosyo. Kahit sinong apektado ng proposal.

Bakit Hihingi ng mga Pampublikong Komento?

Kinikilala ng Siyudad na ang mga tao ay may bukod-tanging kaalaman tungkol sa mga lugar kung saan sila nakatira at nagtatrabaho. Ang SDCI ay nangongolekta ng mga komento para tulungan kami na unawain ang inyong mga inaalala at interes tungkol sa isang partikular na proyekto, tukuyin ang mga maaring maging epekto, and maghanap ng mga solusyon na nasa loob ng sakop ng aming review na naitatag ng Land Use Code. Isa rin itong pagkakataon upang magmungkahi na maaring magpabago sa disenyo ng proyekto.

Kailan Maaring Magkomento?

Ang mga karatula sa paggamit ng lupain at iba pang anyo ng pampublikong abiso ay malinaw na nagsasaad ng mga petsa ng pagsisimula at petsa ng pagtatapos ng pagbibigay ng opisyal na komento. Subalit, isasaalang-alang ng SDCI ang anumang komento na matatanggap bago magawa ang desisyon, dumating man ito sa loob ng opisyal na panahon sa pagbibigay ng komento. Mangyaring tandaan, ang pagsusumite ng iyong mga komento nang maaga ay ang pinakamagandang paraan upang masiguro na magkakaroon kami ng panahon para isaalang-alang ang mga ito sa aming pag-aanalisa.

Sino ang Nagbabasa ng Aking Mga Komento?

Ang tagaplano para sa paggamit ng lupain na nakatalaga upang irebyu ang proyekto ay babasahin ang lahat ng komento at isasaalang-alang ang mga nasasakop ng aming rebyu. I-upload ng SDCI ang lahat ng komento sa aming permit tracking system, na kilalang Seattle Services Portal, na nasa ilalim ng numero ng rekord. Lahat ng komento ay pampublikong komento ay pampublikong rekord, na ang ibig sabihin ay maari itong makita ng kahit sino.



Anong Mga Komento Ang Isinasaalang-alang?

Isasaalang-alang lamang ng SDCI ang mga komento na nasasakop sa aming rebyu ayon sa itinatatag ng Land Use Code. Halimbawa, hindi namin matutugunan ang mga komento tungkol sa isang epekto ng proyekto sa mga halaga ng ari-arian o kaya sa pribadong mga pananaw. Para sa karagdagan na impormasyon, tingnan ang "Paano Epektibong Magbigay ng Komento" sa aming website sa www.seattle.gov/sdci/permits/comment-on-a-project.

Paano Ako Makatanggap ng mga Update?

Maari kang humiling na makatangap ng mga susunod na abiso tungkol sa proyekto kung magsusumite ka ng isang nakasulat na kahilingan para sa impormasyon ito at magbigay ng e-mail o kalye ng tirahan. Maari mo ring isama ito sa nilalaman ng iyong liham na komento.

Paano Ako Makagagawa Ng Epektibong Mga Komento?

- Ipalawanag ang iyong interes sa proyekto.
- Irebyu ang dokumento ng proyekto at mga plano.
- Magbigay ng karagdagan impormasyon na may konteksto na sa iyong palagay ay mahalaga.
- Sabihin ang iyong mga inaalala, mga interes, o mga kagustuhan nang malinaw at maikli.
- Tukuyin ang naaangkop na mga batayan, patakaran, o panuntunan na partikular na may kinalaman sa aplikasyon.
- Magmungkahi ng mga alternatibo o humingi ng mga pag-aaral na hindi pa naibibigay.
- Kilalanin ang mga partikular na mga tampok ng proyekto na iyong sinusupportahan at sa palagay mo ay hindi dapat baguhin.
- Magbigay ng impormasyon kung paano ka makokontak para maipaalam namin sa iyo ang mga desisyon at/o ang mga pampublikong pagpupulong.

Para sa partikular na mga halimbawa ng epektibong mga komento, bisitahin ang aming website na Magkomento sa isang Proyekto sa www.seattle.gov/sdci/permits/comment-on-a-project.

Ano ang Nag-uudyok ng Pampublikong Pagpupulong?

Ang ilang mga proyekto ay nangangailangan ng pampublikong pagpupulong bilang bahagi ng proseso ng rebyu. Para sa ibang mga proyekto, ang pampublikong pagpupulong ay maaring ganapin kapag makatanggap ang SDCI ng kahilingan mula sa hindi bababa sa 50 katao. Ang SDCI ay nagbibigay ng abiso para sa pampublikong mga pagpupulong sa Land Use Information Bulletin, sa isang karatula na nakapaskil sa lugar ng ari-arian, at sa isang abiso na ipinadala sa sinumang nagkomento sa proyekto.

Makakagawa Ba Ako ng Kaibhan?

Oo, magagawa mo. Ang pampublikong mga komento ay nakapag-udyok sa mga nagpapaunlad na baguhin ang sakop ng kanilang proyekto o baguhin ang disenyo para mas mapabuti ang pagtugon sa mga inaalala o interes ng komunidad.

Ang tagaplano sa paggamit ng lupain na nakatalaga para irebyu ang proyekto ay maingat na nirerebyu ang lahat ng pampublikong komento bago ilathala ng SDCI ang desisyon.



Ano Ang Mga Apela?

Karamihan sa mga proyekto na nangangailangan ng mga karatula na ipapaskil ay may kasama ding oportunidad na hamunin ang desisyon ng SDCI na hindi na kinakailangan na pumunta pa sa korte. Ito ay tinatawag na apela. Ang impormasyon kung paano magsampa ng apela ay kasama sa aming abiso ng desisyon. Ang karamihan ay dinidinig ng City Hearing Examiner.

Lampas Pa Sa Mga Apela

Kung alinman sa magkabilang panig sa apela ay hindi sumasang-ayon sa kinalabasan, maaari nilang hamunin ang desisyon ng City Hearing Examiner sa korte.

Para sa Karagdagang Impormasyon:

Upang magkomento:

Isumite ang inyong mga nakasulat na komento gamit ang aming pambulikong kagamitan sa pagkomento www.seattle.gov/project/comment, o sa pamamagitan ng liham sa: Seattle Department of Construction and Inspections, Attn: Public Notice, P.O. Box 34019, Seattle, WA 98124-4019.

Upang makatanggap ng abiso sa mga aplikasyon para sa paggamit ng lupain, mga desisyon, at mga pagpupulong:

Bisitahin ang website ng PRC, www.seattle.gov/sdci/about-us/who-we-are/public-resource-center, at mag-subscribe sa aming Land Use Information Bulletin.

Para sa impormasyon tungkol sa mga ari-arian, mapa, at ulat ng kasaysayan:

Gamitin ang aming mga online service sa www.seattle.gov/sdci/resources o bisitahin ang PRC na nasa ika-20 palapag ng Seattle Municipal Tower, 700 5th Avenue.

Para masubaybayan ang isang permit:

Gamitin ang aming Seattle Services Portal sa, <https://cosaccela.seattle.gov/>, upang makita ang status ng isang permit.